# *C A T H O L I C   K Y O T O   D I O C E S E*

Catholic Chancery Office
Kawaramachi Sanjo Agaru
Nakagyo－ku, KYOTO,
604－8006 JAPAN
TEL: －81－75－211－3025
FAX: －81－75－211－3041

カトリック京都司教区
〒604－8006
京都市中京区河原町三条上ル
TEL:(075)211-3025
FAX:(075)211-3041
e-mail:curia@kyoto.catholic.jp

Kyo. Prot. N. 36/2020

Sa mga Mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto

## Corona Virus (COVID-19): Panuntunan ng Pagkakansela ng mga Misa at iba pa (Part 3)

Pag katapos makarating sa aming kaalaman ang pahayag ng *New Coronavirus Infectious Disease Control Experts Conference*, at ng Gobyerno ng bansang Hapon noong nakaraang ika 20 ng Marso at matapos mapankingan ang opinion ng Catholic Medical Association, sa usaping kung papaano mapipigilan ang pag laganap ng virus na *corona*. Nais naming ipabatid na ang mga sumusunod;

1. Simula sa ika 5 ng Abril (Linggo) kapistahan ng Linggo ng Pagpapakasakit ng Panginoon, hangang ika 19 ng Abril (Linggo) ika 2 Linggo ng Muling Pagkabuhay, ay ipag papatuloy ang pansamantalang pag kakansela ng mga Misa (Para Liturgy o kilala din sa tawag na Liturgy of the Word with Communion), katekismo, at iba pang pag titipon na may kinalaman sa aktibidad ng simbahan na kalalahukan ng maraming tao. Para sa pagdiriwang ng Mahal na Araw at Linggo ng Muling Pagkabuhay, ang mga pari na nakatalaga sa bawat block ay ipagdiriwang ito ng walang partisipasyon ng mga mananampalataya. Dahil dito, ang lahat ay inaanyayahan na makiisa sa puso at panalangin. Ang mga mananampalataya ay inaanyayahan na basahin ang mga Pagbasa sa mga araw na ito, namnamin at pag nilayan ang Misteryo Pascua ng Panginoon. Ang live streaming ng Archdiocese ng Tokyo ng mga pagdiriwang ay mapapanood dito. https://tokyo.catholic.jp/

2. Ang Sakramento ng binyag at pagtangap sa mga catechumens na nakatakda sa Linggo ng Pagkabuhay ay ipagpapaliban muna. Sa kabila nito, kung kinakailangan na mabinyagan kaagad ang isang catechumen ito ay maaaring pahintulutan matapos makipag ugnayan sa Pari na mag titiyak na Sakramento ng Binyag lang ang gagawin sa presensya ng iilang tao.

3. Ang kasal, Misa sa paglilibing ay maaring isagawa matapos makipag ugnayan sa Pari ng simbahan at sa tamang kinauukulan at kinakailangan na to ay dadaluhan ng iilang tao lamang. Kinakailangan ding sundin ang mga panuntunan na ito; 1. Tamang bentilasyon, 2. Ang pag papatupad ng 2 metro na pagitan ng mga lalahok, 3. Ang pag iwas sa pagkanta at pakikipag usap ng malapitan at ang seremonya ay gagawin sa labas ng Misa.

4. Sa ika 20 ng Abril (Lunes), panibagong kautusan ang ipalalabas matapos ang masusing pag aaral sa sitwasyon ng pag laganap ng virus.

Hindi man natin maipag diwang ang pinakamahalagang pag diriwang ng Simbahan sa isang taon, ang Mahal na Araw at Linggo ng pag ka buhay bilang isang sambayanan, inaanyayahan ang mga mananampalataya na gamitin ang mahirap na sitwasyon na ito sa pakikiisa sa mga kapatid natin na naghihirap at hindi makalabas ng kanikanilang tahanan dahil sa virus na ito. Sa lahat ng pag kakataon, sama sama tayong manalangin na muling mabuhay ang ating pananampalataya sa Panginoong Hesus na laging sumasa atin. Manalangin tayo na ang sakit na ito ay humupa na at nang mag karoon tayo ng kapanatagan sa araw araw.

Marso 26, 2020
Most Rev. Paul Otsuka Yoshinao D.D.
Obispo ng Kyoto